


SMART BAHAY



Ang katagang "Smart Bahay" ay iiral lamang ba sa mga taong maaaring magbayad para dito? Dahil ang salitang "smart bahay" ay laging kalakip sa luho ng isang proyektong residensiyal.

Ang matalino o "smart bahay" ay naging isang katotohanan ng hinaharap at hindi lamang para sa mga katangi-tangi at mga mayaman. Gayon pa man, hindi

ito ang salita na dapat nating pagtuunan. Kailangan natin ng kaunting sentido-kumon o magisip ng konting lohikal, maging ismarte!

Ang matalino o ismarteng tao ay tunay na nagbibigay pansin sa kanyang tungkulin at mga aplikasyon. Mga tungkulin na gawing madali ang buhay pangangailangan, at ang bahay na matalino ang awtomatikong mag-aalaga ng mga bagay-bagay para sa mga ito.

Ang "Smart bahay" sa iba pang mga salita ay tinukoy bilang isang pinahusay na pamumuhay ng buhay. Sa karagdagan, ang halaga ng mga yaman ay patuloy na tumataas at ang presyo ng elektronika patuloy na bumababa, ang awtomatikong bahay o ang isang matalinong bahay o "smart bahay" lang ang magbibigay patunay ng mas epektibong pag gastos. Ang "Smart Bahay" ay patunay ng mas komportableng sistema ng pamumuhay.

Matapos ang lahat ng mga paglalarawan ng isang matalino o "Smart bahay", ano talaga ang tunay na alay at pakinabang nito sa ating tahanan?

May mga iba't-ibang mga intelihenteng mga gadget na magagamit para sa iyong bahay. Ang "Smart Bahay" sa panahong ito ay unti-unting naging isang mahalagang pangangailangan at isang pangkaraniwan lugar na may mahalagang pakinabang para sa may-ari nito. Ang "smart bahay" ay may kakayahan kontrolin ang pag andar ng mga bagay sa loob at labas ng bahay mula sa isang punto ng pamamahala.

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya, ang may ari ng bahay ay may kakayahan nga gawing isang makabagong-sining-ng-makinarya na maaring manipulahin o magbantay sa saan mang bahagi ng mundo at di lamang isang simpleng pahayag ng istilo o luho.

"Smart bahay" ay tunay na isang matalinong paraan ng pamumuhay.